**Para sa mga dayuhang nagtatrabaho sa Japan**

タガログ語版

# Gabay sa paghiling ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance

## (Unang Bahagi)

## Paghiling (aplikasyon) sa mga benepisyong maaring tanggapin mula sa seguro at iba pa

Ang "Rosai Hoken" o Workers' Accident Compensation Insurance ay ipinagkakaloob kahit anuman ang lahi o nasyonalidad at nasasakop din ang mga manggagawang dayuhan sa Japan. Pumapailalim dito ang ang mga dayuhang binigyan ng pahintulot na gumawa ng mga gawain o trabaho sang-ayon sa ipinagkaloob na visa at mga mag-aaral na nagkaroon ng aksidente sa panahon ng paggawa ng part-time work.

Sa pamamagitan ng guidebook na ito ay ipinapaliwanag ang uri at nilalaman ng mga benepisyong maaring tanggapin ng dayuhang manggagawa sa ilalim ng Workers' Accident Compensation Insurance.

Para sa karagdagang detalye ukol sa mga kondisyon ng pagtanggap ng benepisyo at iba pa, sumangguni sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office. Tandaan lamang na may mga benepisyo na hindi maaring tanggapin kapag ang dayuhan ay umuwi sa sariling bansa.

**Nilalaman**



- Pagkapinsala, pagkakasakit sanhi ng trabaho o pagpasok sa trabaho ...................... P3
- Pagkamatay ng kamag-anak sanhi ng trabaho o pagpasok sa trabaho ...................... P7
- Kapag tumatanggap na ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance ...................... P10
- Iba pa ...................... P14
- Mga paalala o babala kapag umuwi sa sariling bansa ...................... P16


**Compensation Division, Labor Standards Bureau, Ministry of Health, Labour and Welfare**

## Ano ang Workers' Accident Compensation Insurance

Ang Rosai Hoken o Workers' Accident Compensation Insurance ay isang sistema ng seguro kung saan ipinagkakaloob ang naaangkop na benepisyo sa mga manggagawa sa panahon ng pagkapinsala, pagkakasakit o di kaya'y pagkamatay sanhi ng trabaho o pagpasok patungo sa trabaho sa pamamagitan ng pagbigay ng suporta sa gastos ng pagpapagamot at iba pa.

Nasasakop din sa sistemang ito ang mga dayuhang nagtatrabaho sa loob ng Japan.




*Ang Health Insurance ay hindi maaring gamitin sa kaso ng pagkapinsala sa trabaho.

## Pag-uuri ng benepisyo sa ilalim ng Workers' Accident Compensation Insurance

- Medical treatment (Compensation) Benefit: Benepisyong maaring tanggapin para sa pagpapagamot sa kaso ng pagkapinsala o pagkakasakit sanhi ng trabaho o pagpasok patungo sa trabaho.
- Leave (Compensation) Benefit: Benepisyong maaring tanggapin sa panahong hindi makapasok sa trabaho at tumanggap ng sahod sanhi ng pagpapagamot sa pinsala o sakit na natamo sa trabaho o pagpasok patungo sa trabaho.
- Injury/Sickness (Compensation) Pension: Benepisyong maaring tanggapin sa kasong pumapailaim sa isang kategorya o grado ng pinsala/sakit, kung saan hindi gumaling (symptom stabilization) ang sakit o pinsalang natamo sa trabaho o pagpasok sa trabaho pagkalipas ng isang taon at anim na buwan mula ng umpisahan ang pagpapagamot.
- Disability (Compensation) Benefit: Benepisyong maaring tanggapin sa kasong pumapailalim sa isang kategorya o grado na kung saan gumaling (symptom stabilization) ang sakit o pinsalang natamo sa trabaho o pagpasok sa trabaho, subalit may natirang pinsala sa katawan.
- Bereaved Family (Compensation) Benefit: Benepisyong maaring tanggapin sa kasong namatay ang manggagawa.
- Funeral Fees / Funeral Benefit: Benepisyong maaring tanggapin para bayaran ang gastos at serbisyo sa punerarya sa pagkamatay ng manggagawa.
- Nursing Care (Compensation) Benefit: Benepisyong maaring tanggapin para sa pagkapinsala sa ilalim ng Disability (Compensation) Pension o Injury/Sickness (Compensation) Pension, kung saan kasalukuyang tumatanggap ng nursing care o pag-aalaga.

# Pagkapinsala, pagkakasakit  sanhi ng trabaho o pagpasok sa trabaho

Q. Sa kaso ng pagkapinsala, pagkakasakit sanhi ng trabaho o pagpasok patungo sa trabaho, babayaran ba ng Workers' Accident Compensation Insurance ang gastos (medical fees) sa pagpapapagamot sa ospital?

(1) Bilang patakaran, libre ang pagpapapagamot sa Rosai Hospital o mga pagamutang itinakda sa sistema ng Rosai.
(2) Kapag nagpagamot sa isang pagamutang hindi kasali sa mga pagamutang itinakda ng Rosai, kailangang bayaran ang halaga ng pagpapapagamot at pagkatapos ay maaring isagawa ang pamamaraan para sa "reimbursement" o pagbalik sa kabuuang halaga ng ginastos sa pagpapapagamot.
(3) Maari din na ibalik ang gastos sa pamasahe o transportation fee sa panahon ng pagpapapagamot sa pagamutan, matapos tuparin ang itinakdang kondisyon.

## Benepisyo para sa pagpapapagamot, pagbayad sa gastos ng pagpapapagamot

Mga pamamaraan:
Sa kaso ng (1), pumunta mismo sa pagamutang itinakda ng Rosai at ibigay ang Payment Request Form.
Sa kaso ng (2), pumunta mismo sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office at ibigay ang Payment Request Form.

Mga bagay na dapat tandaan:
(1) Bilang patakaran, ang pagpapatingin, pagpapapagamot at iba pa ay isinasagawa sa Rosai Hospital at sa mga pagamutang itinakda ng Rosai.
(2) Para sa (1) at (2), maaring tumanggap ng serbisyo hanggang gumaling (symptom stabilization) ang pinsala/sakit.

Limitasyon: May karapatang humiling ng kabayaran para sa bawat araw na kung saan may gastos sa pagpapapagamot at balido hanggang 2 taon mula sa sumunod na araw ng araw na nabanggit.
(Walang limitasyon sa kaso ng (1))

## Gastos sa pagpunta sa ospital o pagamutan

**Detalye ukol sa halagang babayaran**
Ipinagkakaloob ang halagang katumbas ng "actual cost" o halagang ginastos para sa pagpapatingin o pagpunta sa pagamutan.

**Mga kondisyon sa pagbayad**
Ipagkakaloob ang kabayaran kapag pumailalim sa alinman sa sumusunod na mga kondisyon:
(1) Bilang patakaran, kapag ang layo ng pagamutan na kung saan nagpapatingin ang manggagawa ay 2 kilometro o higit pa (one-way) mula sa sariling tirahan o pook ng trabaho.
(2) Kapag nagpapatingin ang manggagawa sa naaangkop na pagamutang nasasakop ng munisipalidad na kinabibilangan ng sariling tirahan o pook ng trabaho (may mga kaso din na kung saan ipinagkakaloob ang kabayaran kahit walang naaangkop na pagamutan sa loob ng sariling munisipalidad).

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**
Kailangang pumunta mismo ang aplikante ng direkta sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office para ibigay ang Payment Request Form.

Limitasyon: May karapatang humiling ng kabayaran para sa bawat araw na kung saan nagkaroon ng gastos at balido hanggang 2 taon mula sa sumunod na araw ng araw na nabanggit.

Para sa karagdagang detalye:
Ikalawang Bahagi - Medical treatment (Compensation) Benefit / Medical Cost Benefit → P13
- Medical treatment (Compensation) Benefit / Medical Cost Payment Request Form → P36

# Pamamaraan sa pagtanggap ng benepisyo sa pagpapagamot ng pinsala o sakit

Kapag may nangyaring kapahamakan o pinsala sa trabaho

Sa itinakdang pagamutan ng Rosai magpatingin *1

Pagpapatunay o certification ng employer sa Benefit Payment Request Form *2

Ibigay ang Payment Request Form *2 sa itinakdang pagamutan

Tatanggapin ng Labor Standards Inspection Office ang Payment Request Form

Isasagawa ng Labor Standards Inspection Office ang pagsusuri

Babayaran ang mga ginastos sa pagpapagamot at iba pa sa itinakdang pagamutan

Sa ibang pagamutan magpatingin *3

Bayaran sa pagamutan ang gastos sa pagpapagamot

Pagpapatunay o certification ng employer / pagamutan sa Payment Request Form *4

Ibigay ang Payment Request Form *4 sa Labor Standards Inspection Office

Ilakip ang resibo kapag may nursing/transport costs at iba pa

Isasagawa ng Labor Standards Inspection Office ang pagsusuri

Babayaran ang halaga sa bank account ng itinakdang claimant o aplikante

Depende sa kaso, maaring hilingin sa aplikante o kaugnay na partido ang karagdagang dokumento o pagsagot sa mga katanungan.

Mula sa pagtanggap ng aplikasyon hanggang maaprubahan ang pagbayad, inaabot ng isang buwan. Depende sa kaso ay maaring abutin ng higit sa isang buwan.

*1 Ipagkakaloob (libre) ang kabayaran sa gastos ng pagpapagamot sa kaso ng pagkapinsala at iba pa.

*2 Payment Request Form sa pagbigay ng benepisyo para sa mga ginastos sa pagpapagamot (Form No. 5 para sa pinsala sa loob ng trabaho at 3 ng Form No. 16 sa kaso ng pinsalang natamo sa pagpasok patungo sa trabaho)

*3 Babayaran ang mga ginastos sa pagpapagamot.

*4 Payment Request Form sa pagbayad ng mga ginastos sa pagpapagamot (Form No. 7 para sa pinsala sa loob ng trabaho at 5 ng Form No. 16 sa kaso ng pinsalang natamo sa pagpasok patungo sa trabaho)

Sa kaso ng pinsalang natamo sa pagpasok sa trabaho, bukod sa Payment Request Form, ang Form No. 16 (bukod na papel) ay kailangang ibigay kabilang sa "mga bagay kaugnay sa pinsalang natamo sa pagpasok sa trabaho".

Q. Anong compensation ang maaring tanggapin sa kasong hindi nakapasok sa trabaho sanhi ng pagpapapagamot sa pinsalang natamo sa loob ng trabaho o sa pagpasok patungo sa trabaho?

Maaring tumanggap ng Leave (Compensation) Benefit sa kasong hindi nakatanggap ng sahod sanhi ng pagpapapagamot.

- Mula kailan ......... Ikaapat na araw mula ng tumigil sa trabaho
- Magkano ............ 80% ng Basic Daily Benefit Amount (*), sa isang araw
  (60% Insurance Benefit + 20% Special Allowance)

* Ang "Basic Daily Benefit Amount" ay kinakalkula base sa 3 buwang sahod bago maganap ang pagkapinsala at hinahati sa bilang ng araw sa kalendaryo (Average Wage).

Halimbawa, sa kasong naganap ang pagkapinsala sa buwan ng Oktubre at ang buwanang sahod ng manggagawa ay 200,000 Yen (ang cut-off date ng sahod ay sa katapusan ng buwan):

200,000 x 3 buwan ÷ 92 araw (Hulyo=31 araw + Agosto=31 araw + Septiyembre=30 araw) = 6,522 Yen
6,522 Yen x 80% = 5,217 Yen
Babayaran ang 5,217 Yen na katumbas ng 80% ng Basic Daily Benefit Amount para sa bawat araw ng work leave o kawalan ng trabaho.

## Leave (Compensation) Benefit

**Mga kondisyon sa pagbayad**
Kailangang matupad ang lahat ng mga kondisyon mula (1) hanggang (3).
(1) Ang pagpapapagamot ay sanhi ng pagkakasakit o pagkapinsala habang nasa trabaho o sa pagpasok patungo sa trabaho.
(2) Hindi maaring gawin ang sariling trabaho.
(3) Hindi nakatanggap ng sahod.

**Detalye ukol sa halagang babayaran**
Sa ikaapat na araw mula ng tumigil sa trabaho, 80% ng Basic Daily Benefit Amount para sa bawat araw ng work leave (60% Insurance Benefit + 20% Special Allowance) ang ipagkakaloob sa manggagawa.


**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**
Kailangang pumunta mismo ang aplikante ng direkta sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office para ibigay ang payment request.

**Mga bagay na dapat tandaan:**
Mula sa unang araw ng work leave hanggang ikatlong araw, walang gagawing kabayaran mula sa Workers' Accident Compensation Insurance. Sa panahong ito, sa kaso ng pagkapinsala habang nasa trabaho, isasagawa ng kompanya o employer ang mga pamamaraan para sa "Leave Compensation" (60% ng Average Wage sa isang araw).

Limitasyon: May karapatang humiling ng kabayaran para sa bawat araw na kung saan hindi nakatanggap ng sahod at balido hanggang 2 taon mula sa sumunod na araw ng araw na nabanggit.

Para sa karagdagang detalye:
Ikawalang Bahagi - Leave (Compensation) Benefit → P15
- Leave (Compensation) Benefit Payment Request → P39

# Pamamaraan sa pagtanggap ng Leave (Compensation) Benefit



# Pagkamatay ng kamag-anak sanhi ng trabaho o pagpasok sa trabaho

Q. Anong compensation ang maaring tanggapin ng pamilya sa kasong namatay ang manggagawa sanhi ng trabaho o pagpasok patungo sa trabaho?

(1) Maaring tanggapin ang Bereaved Family (Compensation) Pension o Lump-sum Payment, Funeral Fees (Funeral Benefit).

(2) Kapag namatay ang manggagawa bago tanggapin ang Medical treatment (Compensation) Benefit, Leave (Compensation) Benefit, maaring tanggapin ng naulilang pamilya ang halagang hindi pa naibibigay.

## Bereaved Family (Compensation) Pension, Bereaved Family (Compensation) Lump-sum Payment

Kaugnay na benepisyo mula sa seguro:
Pagbigay ng Insurance Benefit, Special Allowance na hindi pa naibibigay, Worker's School Expense Support, Worker's Employment Childcare Expense Assistance

○ Bereaved Family (Compensation) Pension

**Naulilang pamilya na maaring tumanggap ng benepisyo**

Nasasakop ang mga miyembro ng pamilyang umaasa sa kita ng namatay para sa kanilang kabuhayan, tulad ng asawa, anak, magulang, apo, mga nuno (lolo at lola) at mga kapatid. Subalit maliban sa asawa ng namatay, upang tumanggap ng benepisyo ang iba pang naulila, kailangang nasa edad na kung saan maituturing na matanda na, masyadong bata pa o di kaya'y may kapansanan sa katawan.

**Detalye ukol sa halagang babayaran**

Para sa mga aplikanteng may prayoridad sa mga nasasakop para tumanggap ng benepisyo, depende sa dami ng mga naulila, isasagawa ang pagbabayad sang-ayon sa sumusunod:

| Bilang ng mga naulila | Bereaved Family (Compensation) Pension | Bereaved Family Special Allowance (Lump-Sum) | Bereaved Family Special Pension |
|---|---|---|---|
| Isa | 153 araw ng Basic Daily Benefit Amount (subalit, kapag ang naulila ay asawang nasa 55 taong-gulang at pataas o asawang may kapansanan, 175 araw ng Basic Daily Benefit Amount) | 3,000,000 Yen | 153 araw ng Calculated Basic Daily Amount (subalit, kapag ang naulila ay asawang nasa 55 taong-gulang at pataas o asawang may kapansahan, 175 araw ng Basic Daily Benefit Amount) |
| Dalawa | 201 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 201 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Tatlo | 223 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 223 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Apat at higit pa | 245 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 245 araw ng Calculated Basic Daily Amount |

*Para sa detalye ukol sa Calculated Basic Daily Amount → Ikalawang Bahagi - P-8

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**

Kailangang pumunta mismo ang beneficiary o naulila ng direkta sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office para ibigay ang Payment Request Form.

○ Bereaved Family (Compensation) Lump-sum Payment

**Mga kondisyon sa pagbayad / Detalye ukol sa pagbayad**

•Kapag walang naiwanang miyembro ng pamilya na maaring tumanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension sa oras ng pagkamatay ng isang manggagawa:

→ Ipagkakaloob sa kamag-anak na may pinakamataas na prayoridad sa pagtanggap ng benepisyo ang katumbas sa 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount, Bereaved Family Special Allowance sa halagang 3,000,000 Yen, katumbas sa 1,000 araw ng Calculated Basic Daily Amount .

•Kapag ang kabuuan ng pension at pre-lump-sum payment sa Bereaved Family (Compensation) na ipinagkaloob sa lahat ng miyembro ng naulilang pamilya ay hindi umabot sa 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount at Calculated Basic Daily Amount , sa kaso na kung saan walang natirang beneficiary na may karapatang tumanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension.

→ Ang halagang binawas mula sa kabuuang halaga ng Bereaved Family (Compensation) Pension at iba pa na binayaran mula sa 1,000 araw ng Basic Daily Benefit Amount at Calculated Basic Daily Amount ay ipagkakaloob sa beneficiary na may pinakamataas na prayoridad upang tumanggap ng benepisyo.

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**

Kailangang pumunta mismo ang beneficiary o naulila ng direkta sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office para ibigay ang Payment Request Form.

Limitasyon: Balido hanggang 5 taon mula sa araw na sumunod sa araw ng pagkamatay ng manggagawa

Para sa karagdagang detalye: Ikawalang Bahagi - Bereaved Family (Compensation) Benefit → P25
- Bereaved Family (Compensation) Benefit Payment Request Form → P41

# Pamamaraan sa pagtanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension / Lump-sum Payment

Kapag may nangyaring kapahamakan o pinsala sa trabaho

↓

Pagkamatay ng manggagawa

↓ Pagpapatunay o certification ng employer sa Payment Request Form

**Kalakip na mga dokumento**

- ○Death Certificate
- ○Mga dokumentong maaring magpatunay sa kaugnayan ng beneficiary sa taong namatay (Extract of Family Register / Copy of Original Family Register at iba pa*)
- ○Mga bagay na nagpapatunay na umaasa ang beneficiary sa kita ng taong namatay para sa kanilang kabuhayan.

* Depende sa bansa, kung walang dokumentong maaring gamitin, kailangang ibigay ng beneficiary ang naaangkop na bagay na maaring magpatunay sa kaugnayan nito sa taong namatay

Ibibigay ng beneficiary o naulila ang Payment Request Form at kalakip na mga dokumento sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office

↓

Isasagawa ng Labor Standards Inspection Office ang pagsusuri

- ○Kung ang trabaho ay sanhi ng pagkamatay
- ○Pagkumpirma sa mga beneficiary
- ○Pagkalkula sa halaga ng benepisyo mula sa seguro at iba pa

↓

Mula sa pagtanggap ng aplikasyon hanggang maaprubahan ang pagbayad, inaabot ng apat na buwan. Depende sa kaso ay maaring abutin ito ng higit sa apat na buwan.

Pagpasiyahan kung ibibigay ang benepisyo o hindi

↓ Ipapaalam sa aplikante kung maaring ibigay ang benepisyo o hindi

Babayaran ang benepisyo mula sa seguro sa itinakdang bank account

- Bereaved Family (Compensation) Pension Payment Request Form (Form No. 12 para sa pinsalang sanhi ng trabaho, 8 ng Form No. 16 sa kaso ng pinsalang natamo sa pagpasok patungo sa trabaho)
- Bereaved Family (Compensation) Lump-sum Payment Request Form (Form No. 15 para sa pinsalang sanhi ng trabaho, 9 ng Form No. 16 sa kaso ng pinsalang natamo sa pagpasok patungo sa trabaho)

* Iba pa, depende sa kaso ay maaring hilingin ang karagdagang dokumento kung kinakailangan.

## Funeral Fees (Funeral Benefit)

**Mga kondisyon sa pagbayad**
Sa kasong isinagawa ng naulila ang funeral service o di kaya'y isinagawa ng kompanya ng manggagawang namatay ang "company funeral service", ipagkakaloob ang Funeral Benefit sa nagsagawa ng funeral service.

**Detalye ukol sa pagbayad**
(1) 315,000 Yen + 30 araw ng Basic Daily Benefit Amount
(2) Katumbas sa 60 araw ng Basic Daily Benefit Amount, sa kasong ang halaga sa (1) ay hindi umabot sa 60 araw ng Basic Daily Benefit Amount

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**
Kailangang pumunta ang beneficiary o naulila ng direkta sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office para ibigay ang Payment Request Form.

Limitasyon: Balido hanggang 2 taon mula sa araw na sumunod sa araw ng pagkamatay ng manggagawa

Para sa karagdagang detalye:
Ikawalang Bahagi - Funeral Fees (Funeral Benefit) → P31
- Funeral Fees (Funeral Benefit) Payment Request Form → P43

Q. Ang isang manggagawang nagpagamot at huminto sa trabaho, na naging eligible sa pagtanggap ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance, ay namatay bago makatanggap ng benepisyo. Sa kasong ito, maari bang tanggapin ng iba ang nabanggit na benepisyo?

Para sa taong namatay na may karapatang tumanggap ng benepisyo mula sa seguro:
(1) Bagama't may dahilan para ipagkaloob ang benepisyo, walang ginawang payment request para sa benepisyo.
(2) Gumawa ng payment request pero hindi pa naaprubahan ang kabayaran ng benepisyo.
(3) Naaprubahan na ang pagbigay ng benepisyo pero hindi pa nababayaran.
Sa nabanggit na mga kaso sa itaas, maaring tanggapin ng mga naulila ang Insurance Benefit at Special Allowance matapos tuparin ang itinakdang kondisyon. (Benepisyo mula sa seguro na hindi pa nababayaran)

## Insurance Benefit at Special Allowance na hindi pa nababayaran

Kaugnay na benepisyo mula sa seguro:
Medical Treament (Compensation) Benefit, Leave (Compensation) Benefit, Disability (Compensation) Benefit, Injury/Sickness (Compensation) Pension, Bereaved Family (Compensation) Benefit

**Mga naulilang pamilya na maaring humiling ng benepisyo**
Maaring humiling ng benepisyo kapag natupad ang kondisyon sa (1) at (2).
(1) Asawa, anak, ina/ama, apo, nuno (lola/lolo), mga kapatid ng manggagawang namatay
(2) Kasama ng manggagawa sa pamumuhay sa oras ng pagkamatay nito (maaring kasama o hindi kasamang nakatira)
Kapag walang pumailalim o tumupad sa kondisyon ng (1) at (2), maaring hilingin ng isang tagapagmana ang pagtanggap sa benepisyo.

**Kapag namatay ang taong tumatanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension**
Ang maaring humiling ng benepisyo: Bukod sa naulilang pamilya ng manggagawang namatay (asawa, anak, ama/ina, apo, nuno (lola/lolo), mga kapatid), maaring tanggapin ito ng sumunod na eligible beneficiary (hindi ang asawa at iba pa, ng taong tumatanggap ng pension).

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**
Kailangang pumunta ang beneficiary o naulila ng direkta sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office para ibigay ang Payment Request Form.

Limitasyon: Pareho sa bawat Insurance Benefit

# Kapag tumatanggap na ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance

Q. Hanggang kailan maaring ipagpatuloy ang pagpunta sa pagamutan para sa pagpapagamot?

Maaring gamitin ang Medical Treatment (Compensation) Benefit hanggang sa gumaling (symptom stabilization) ang sakit o pinsala. Sa kasong hindi gumaling ang kalagayan (symptom stabilization) pagkalipas ng 1 taon at 6 buwan mula sa umpisa ng pagpapagamot, maaring tumanggap ng Injury / Sickness (Compensation) Pension sa kasong malubha ang lagay ng pinsala.

Injury / Sickness (Compensation) Pension

Kaugnay na benepisyo mula sa seguro: Nursing Care (Compensation) Benefit

**Mga kondisyon sa pagbayad / Detalye ukol sa pagbayad**
Ipagkakaloob ang Injury/Sickness (Compensation) Pension, Injury/Sickness Special Allowance at Injury/Sickness Special Pension sa mga pinsala o sakit na nasasakop sa antas o kategoryang itinakda sa ilalim ng batas, kung saan patuloy ang kondisyong nabanggit.

| Kategorya ng sakit / pinsala | Injury / Sickness (Compensation) Pension | Injury / Sickness Special Allowance (Lump-sum) | Injury / Sickness Special Pension |
|---|---|---|---|
| Grade-1 | 313 araw ng Basic Daily Benefit Amount | 1,140,000 Yen | 313 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Grade-2 | 277 araw ng Basic Daily Benefit Amount | 1,070,000 Yen | 277 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Grade-3 | 245 araw ng Basic Daily Benefit Amount | 1,000,000 Yen | 245 araw ng Calculated Basic Daily Amount |

**Puntong dapat tandaan**
Ang pagbibigay ng benepisyo ay hindi binabase sa kahilingan o claim request, kundi sa kapangyarihan o desisyon ng Hepe ng tanggapan ng Labor Standards Office.

Q. Bagama't hindi pa ako lubusang gumaling ay pinagsabihan na gumaling (symptom stabilization) na ako. May compensation ba na maari kong tanggapin sa kasong ito?

Sa Workers' Accident Compensation Insurance, itinuturing din na gumaling (symptom stabilization) na ang lagay pagkatapos isagawa ang paggamot kahit walang makitang pagbabago o pagbuti sa sitwasyon. Matapos marating ang ganitong kalagayan (symptom stablization) at may natirang kapansanan o disability, maaring tumanggap ng Disability (Compensation) Benefit depende sa lagay ng pinsala.

Disability (Compensation) Benefit

Kaugnay na benepisyo mula sa seguro:
Nursing Care (Compensation) Benefit, After-Care, Post-Surgery Medical Care, Prosthetic Limbs Assistive Devices Cost Support.

**Mga kondisyon sa pagbayad / Detalye ukol sa pagbayad**
Kapag may natirang pinsala sa katawan sa panahon ng paggaling (symptom stabilization) mula sa pagkapinsala o pagkakasakit sanhi ng trabaho o pagpasok sa trabaho kung saan nasasakop sa disability grade na itinakda sa ilalim ng batas, sang-ayon sa ibaba maaring ipagkaloob ang pension o lump-sum payment depende sa lagay ng pinsala.

| Kategorya ng pinsala | Disability (Compensation) Benefit | | Disability Special Allowance (Yen) | | Disability Special Pension | | Disability Special Lump-sum Payment | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Grade-1 | Pension | 313 araw ng basic daily amount ng benepisyo | Lump-sum | 3,420,000 | Pension | 313 araw ng Calculated Basic Daily Amount | | |
| Grade-2 | | 277 araw ng basic daily amount ng benepisyo | | 3,200,000 | | 277 araw ng Calculated Basic Daily Amount | | |
| Grade-3 | | 245 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 3,000,000 | | 245 araw ng Calculated Basic Daily Amount | | |
| Grade-4 | | 213 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 2,640,000 | | 213 araw ng Calculated Basic Daily Amount | | |
| Grade-5 | | 184 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 2,250,000 | | 184 araw ng Calculated Basic Daily Amount | | |
| Grade-6 | | 156 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 1,920,000 | | 156 araw ng Calculated Basic Daily Amount | | |
| Grade-7 | | 131 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 1,590,000 | | 131 araw ng Calculated Basic Daily Amount | | |
| Grade-8 | Lump-sum | 503 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 650,000 | | | Lump-sum | 503 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Grade-9 | | 391 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 500,000 | | | | 391 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Grade-10 | | 302 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 390,000 | | | | 302 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Grade-11 | | 223 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 290,000 | | | | 223 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Grade-12 | | 156 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 200,000 | | | | 156 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Grade-13 | | 101 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 140,000 | | | | 101 araw ng Calculated Basic Daily Amount |
| Grade-14 | | 56 araw ng Basic Daily Benefit Amount | | 80,000 | | | | 56 araw ng Calculated Basic Daily Amount |

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**
Kailangang pumunta ang aplikante mismo ng direkta sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office para ibigay ang Payment Request Form.

Limitasyon: Balido hanggang 5 taon mula sa sumunod na araw ng araw na kung kailan gumaling ang pinsala o sakit.

Para sa karagdagang detalye:
Ikawalang Bahagi - Disability (Compensation) Benefit → P17
- Disabiliity (Compensation) Benefit Payment Request Form → P40

# Pamamaraan sa pagtanggap ng benepisyo sa kasong may pinsalang natira

Kapag may nangyaring kapahamakan o pinsala sa trabaho

↓

Pagpapagamot

↓

Symptom Stabilization (walang pagbabago o pagbuti sa sintomas kahit ginamot)

↓

Pagpapatunay o certification ng employer sa Payment Request Form

**Kalakip na mga dokumento**

- X-Ray at iba pa
- Sa parehong kadahilanan, kapag tumatanggap ng Disability Welfare Pension, Basic Disability Pension at iba pa, kailangan ang dokumentong maaring magpatunay sa halaga ng benepisyong ipinagkaloob

Ibigay ang Payment Request Form sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office

↓

Sa panahon ng pagtakda ng "symptom stabilization" at kategorya ng pinsala, depende sa sitwasyon ay maaring kumpirmahin ng isang dalubhasang manggagamot ang ang sintomas o kalagayan.

Mula sa pagtanggap ng aplikasyon hanggang maaprubahan ang pagbayad, inaabot ng tatlong buwan. Depende sa kaso ay maaring abutin ng higit sa tatlong buwan.

Isasagawa ang certification ng kategorya o grado ng pinsala

↓

Ipapaalam sa aplikante ang desisyon sa pagbigay ng benepisyo mula sa seguro

Disability (Compensation) Benefit Payment Request Form (Form No. 10 para pinsalang sanhi ng trabaho, 7 ng Form No. 16 sa kaso ng pinsalang natamo sa pagpasok patungo sa trabaho)

Babayaran ang benepisyo mula sa seguro sa itinakdang bank account

* Iba pa, depende sa kaso ay maaring hilingin ang karagdagang dokumento kung kinakailangan.

Q. May natirang matinding pinsala o "residual disability" sa aking pagkapinsala noon. Sa kasong kakailanganin ko ang nursing care ng pamilya o care service provider, ano ang compensation o benepisyo na maari kong tanggapin?

Maaring tumanggap ng Nursing Care (Compensation) Benefit sa loob ng itinakdang halaga.

Nursing Care (Compensation) Benefit

Kaugnay na benepisyo mula sa seguro:
Disability (Compensation) Benefit, Injury/Sickness (Compensation) Pension

**Mga kondisyon sa pagbayad**

Kailangang matupad ang lahat ng kondisyon mula sa (1) hanggang (4).
(1) Disability (Compension) Pension o Injury/Sickness (Compensation) Pension Grade-1, o Grade-2 para sa Higher Brain Dysfunction, Physical Dysfunction at iba pang pinsalang natira, kung saan kinakailangan ang regular nursing care o "as needed" nursing care.
(2) Kasalukuyang tumatanggap ng nursing care mula sa pamilya, kamag-anak, mga kaigiban at kakilala, private pay nursing service at iba pa.
(3) Hindi pa napasok o lumagi sa ospital o klinika.
(4) Hindi pa napasok sa pasilidad o Health Center para sa matatanda at iba pa.

**Detalye ukol sa pagbayad**

Ang nursing care fee para sa regular at "as-needed" nursing care ay magkaiba tulad ng nakalarawan sa ibaba. (Base sa impormasyong kuha sa Abril 1, 2018)

○ Regular Nursing Care : 57,190 - 105,290 Yen (Buwanang halaga)
○"As-needed" Nursing Care : 28,600 - 52,650 Yen (Buwanang halaga)

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**

Kailangang pumunta ang aplikante mismo ng direkta sa tanggapan ng Labor Standards Inspection Office para ibigay ang Payment Request Form.

Limitasyon: Balido hanggang 2 taon mula sa unang araw ng sumunod na buwan ng buwan na kung kailan tumanggap ng nursing care

Para sa karagdagang detalye:
Ikawalang Bahagi - Nursing Care (Compensation) Benefit → P32
- Nursing Care (Compensation) Benefit Payment Request Form → P44

Iba pang mga sistema ng suporta

- **After-Care**

Pagkatapos gumaling (symptom stabilization) ng pinsala / sakit, kapag may natirang "after-effect" ng sintomas o di kaya'y may panganib na magkaroon ng karagdagang sakit o komplikasyon kaugnay sa nabanggit na sintomas, maaring tumanggap ng health guidance service ng isang beses sa isang buwan sa loob itinakdang scope o limitasyon (20 uri ng pinsala/sakit). Maari din na tumanggap ng benepisyo o suporta para sa gastos ng pamasahe o transportasyon sa pagpapatingin sa ospital.

- **Suporta sa pagbayad ng gastos para sa prosthetic (artificial) limbs**

Kapag tumatanggap ng Disability (Compensation) Benefit o di kaya'y maaring tumanggap nito, ipinagkakaloob ang suporta sa pagbayad ng gastos para sa pagbili (pagkumpuni) ng prosthetic limbs kapag tumupad sa itinakdang kondisyon at kapag ang halaga nito ay nasa scope o limitasyon ng itinakdang halaga o "standard amount". Maari din na tumanggap ng transportation expense para sa pagbili (pagkumpuni) ng nabanggit na artifical limbs kapag tumupad sa itinakdang kondisyon.

- **Post-Surgery Treatment**

Sa kasong tumanggap ng Disability (Compensation) Benefit, maaaring maging exempted sa pagbayad ng co-payment sa Rosai Hospital o itinakdang pagamutan para sa panibagong operasyon sa pagkabit ng prosthetic (artificial) limbs o pagbawas ng scar tissue at iba pa, medical care o pagsusuri matapos gumaling (symptom stabilization). Maari din na tumanggap ng kabayaran para sa gastos sa transportasyon sa pagtupad sa itinakdang kondisyon.

- **Suporta para sa gastos sa paaralan at iba pa sa ilalim ng Rosai**

Sa pagtupad sa itinakdang kondisyon, ang tumatanggap ng Bereaved Family (Compensation) Pension at iba pa at ang naulilang bata na pumapasok sa paaralan, ay maaring tumanggap ng suporta (Rosai School Expense Support o Rosai Employment Childcare Assistance).

# Iba pa

**Q.** Ukol sa naganap na kapahamakan, pinagsabihan ako ng kompanyang pinapasukan na hindi ito pumapailalim sa Rosai o aksidente sa trabaho, kung kaya hindi ako nakatanggap ng suporta o kooperasyon at ayaw din magbigay ng Employer's Certification at iba pa. Ano po ba ang dapat kong gawin sa kasong ito?

**A.** Bilang patakaran, ang pamamaraan sa pagtanggap ng Workers' Accident Compensation Insurance ay kailangang isagawa mismo ng taong napinsala. Sa kasong hindi maibigay o tinanggihan ng kompanya ang pagbigay ng Employer's Certification sa hindi maiwasang dahilan, maaring tanggapin ang claim request kahit wala ang dokumentong nabanggit.

**Q.** Kahit matagal na ang panahong nakakalipas, maari ko pa bang gawan ng claim para sa benepisyo ang pagkapinsalang nangyari sa trabaho ko noon?

**A.** May itinakdang limitasyon o bisa sa bawat insurance benefit at kapag lumampas sa expiration period ay hindi na maaring tanggapin ang nabanggit na benepisyo. Kaya kailangang kumpirmahin ang expiration period ng bawat benepisyong nais tanggapin.

**Q.** Maari ko pa bang tanggapin ang Workers' Compensation sa kasong umalis sa trabaho o di kaya'y nagsara ang kompanyang pinapasukan?

**A.** Kahit sa ganitong sitwasyon ay maaring tumanggap ng benepisyo. Sa kasong ito, maaring hilingin ang impormasyon ukol sa pangalan, tirahan ng employer o kasamahan sa trabaho.

**Q.** Maari ko pa bang isagawa ang claim para sa Workers' Accident Compensation Insurance kahit ang sagot ng kompanya sa akin ay ang sumusunod:

(1) Hindi ako naging miyembro ng Workers' Accident Compensation Insurance.

(2) Ang segurong maaring gamitin ay hindi Workers' Accident Compensation Insurance.

**A.** (1) Kahit hindi isinagawa ng kompanya ang pagrehistro para sa Workers' Accident Compensation Insurance, bilang patakaran ay maaring tanggapin ang benepisyo kapag ang pagkapinsala o pagkakasakit ay nangyari habang nasa trabaho o di kaya'y patungo sa trabaho.

(2) Kahit Voluntary Insurance Plan ang ginagamit ng inyong employer tulad ng ilang kompanya o organisasyon, maaring tumanggap ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance.

* Sa kasong tumatanggap ng compensation mula sa kompanya (pagbayad sa gastos ng papapagamot, Leave Compensation, Damage Compensation at iba pa) maaring hindi ibigay ang benepisyo o di kaya'y bawasan ang ipagkakaloob na halaga.

**Q.** Sa sumusunod na mga kaso, maari bang tumanggap ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance?

(1) Nasugatan sa pagkabundol ng bisikleta patungo sa trabaho. Hindi ko alam kung sino ang nakabundol sa akin.

(2) Ibang ruta ang ginamit sa pagpasok ng mangyari ang aksidente patungo sa trabaho.

**A.** (1) Maaring tumanggap ng benepisyo mula sa Workers' Accident Compensation Insurance.

(2) Maaring pumailalim o masakop ng seguro sa pagtupad ng itinakdang kondisyon.

## Pinsalang natamo patungo sa trabaho

Ang "pagkapinsala patungo sa trabaho" ay ang pinsala, pagkakasakit at iba pa na natamo ng isang manggagawa sa "pagpasok patungo sa trabaho". Ang "pagpasok patungo sa trabaho" ay ang paggalaw sa (1) – (3) sa pinakamainam o natural na ruta o paraan (maliban sa paggalaw na kabilang sa mga gawain sa trabaho).

(1) Balikan o round-trip sa pagitan ng tirahan at trabaho.

(2) Pag-commute mula sa pook ng trabaho na itinakda ng Ministry of Health Labour and Welfare sa ibang pook ng trabaho (paglipat ng iba't-ibang manggagawa sa pagitan ng mga workplaces).

(3) Pauna sa round-trip ng (1), o sumunod na pag-commute (limitado lamang sa itinakdang kondisyon ng Ministry of Health Labour and Welfare)

**Detalye ukol sa pagbayad**

Tulad ng mga kaso ng kapahamakan sa pook ng trabaho (sa pagbigay ng leave benefit, ibabawas ang 200 Yen sa halaga ng benepisyong tatanggapin sa kauna-unahang pagkakataon bilang co-payment ng beneficiary).

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran**

Tulad ng mga kaso ng kapahamakan sa pook ng trabaho, kailangang ilakip ang kinakailangang dokumento: Accident Certificate (sa kaso ng aksidente sa sasakyan) at iba pa.

Para sa mga detalye:
Ikalawang Bahagi - Mga pinsalang natamo sa pagpasok sa trabaho → P5

**Q.** Napinsala ako sanhi ng isang aksidente sa sasakyan patungo sa trabaho. Maari ba akong tumanggap ng benepisyo sa Workers' Accident Compensation Insurance kahit tumanggap ako ng benepisyo mula sa Jibaiseki Hoken (Automobile Liability Insurance) ng kabilang partidong nasangkot sa aksidente.

**A.** Bagama't maaring tumanggap ng benepisyo mula sa Rosai, ang halagang ipagkakaloob sa ilalim ng Rosai sa parehong dahilan ay ang natirang halaga pagkatapos ibawas ang halagang tinanggap sa Jibaiseki Hoken ng kabilang partidong nasangkot sa aksidente.

Sa pagbigay ng Special Allowance, sa kaso ng pagkatigil sa trabaho o kapag may natirang pinsala sa katawan, ipagkakaloob ang kabayaran kahit may tinanggap na benepisyo o wala mula sa Jibaiseki Hoken ng kabilang partido.

# Mga paalala o babala kapag umuwi sa sariling bansa

**Pamamaraan sa paghiling ng kabayaran o claim request sa labas ng Japan**

### Halaga ng benepisyo mula sa seguro

Ang halagang ipagkakaloob ay katumbas ng halaga ng Japanese Yen sa Foreign Exchange Rate (Selling Rate) sa panahon ng pagdesisyon sa kabayaran ng benepisyo.

### Kapag nagpagamot sa ibang bansa

Maaring ipagkaloob ang benepisyo kapag ang nilalaman ng pagususri o medical examination ay maituturing na balido o makatwiran.
(Ipagkakaloob ang kabayaran para sa gastos ng pagpapagamot)

### Mga pangunahing sistema ng suporta na maaring gamitin lamang sa Japan

- After-Care
- Suporta sa pagbayad ng gastos para sa prosthetic limbs (may mga kaso din na ipinagkakaloob ang suporta para sa wheel chair expense at iba pa)
- Post-Surgery Treatment
- Suporta para sa gastos sa pag-aaral at iba pa sa ilalim ng Rosai (sa kaso ng pagpasok sa paaralang nasa loob ng Japan) → P13

(H31.3)